7

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Lingguhang Aralin sa Filipino

Kwarter 2

Aralin

4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Filipino 7**
**Kwarter 2: Aralin 4 (Linggo 8)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat**

- Rachel C. Payapaya (Philippine Normal University - Mindanao)

**Tagasuri:**

- Joel C. Malabanan, Ph.D. (Philippine Normal University - Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**


**FILIPINO, IKALAWANG KWARTER, ANTAS 7**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong Pampanitikan (Tuluyan) sa Panahon ng Katutubo at tekstong impormasyonal (eskpositori) para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng brochure para sa bayograpikal na sanaysay ng isang tauhan sa binasang akda na isinasaalang- alang ang elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Nakabubuo ng isang bayograpikal na sanaysay ng isang tauhan sa binasang akda sa pamamagitan ng tekstong multimodal (gaya ng *comic book brochure*).**<br>a. Natutukoy ang tiyak na tipo ng *brochure* na paglalapatan ng bayograpikal na sanaysay.<br>b. Naibabalangkas ang mga tiyak na dayalog, *caption* (istrip at dayalog) na makapaglalarawan sa tauhan.<br>c. Nakapagsasagawa ng pagdisenyo/pag-aanyo ng *comic book brochure* (tipo, sulat, tupi, at kulay).<br>d. Nakabubuo ng burador para sa *comic book brochure* gamit ang mga elementong biswal.<br>**Nakabubuo ng *brochure* para sa bayograpikal na sanaysay ng isang tauhan**<br>a. Naibabahagi ang nabuong *brochure* sa napiling *platform.* |
| **D. Nilalaman** | Bayograpikal na Sanaysay sa Tekstong Multimodal (*comic book brochure*) |
| **E. Integrasyon** | • Lokalisasyon (Pagkilala sa mga lokal na bayani, industriya, pamanang kultural, at iba pang batayan ng pagka- Pilipino)<br>• Talakayang Pangkababaihan |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
|---|
| Bayani Filipino Series Komiks (2023) https://www.ebay.ph/itm/134225900518<br>Cabardo, R., Dy, J. L., Ipaz, J. P., & Bejison, R. M. (2022). *Tuon-Dunong: Batayang Aklat at Modyul sa Filipino 7* (V. M. Villanueva, Ed.) [Filipino]. Johnny and Hansel Publications.<br>Cabardo, R., Dy, J. L., Ipaz, J. P., & Bejison, R. M. (2022). *Tuon-Dunong: Batayang Aklat at Modyul sa Filipino 8* (V. M. Villanueva, Ed.) [Filipino]. Johnny and Hansel Publications.<br>Kasaysayan ng Komiks mula sa https://www.slideshare.net/JeffAustria/kasaysayan-ng-komiks<br>Panitikang Pilipino: Filipino Modyul para sa Mag-aaral 8<br>Salazar, Zeus A. (2004). Kasaysayan ng Kapilipinuhan. https://bangkanixiao.wordpress.com/wp-content/uploads/2012/09/zeus-salazar-kasaysayan-ng-kapilipinuhan.pdf<br>*Panitikang Pilipino: Filipino Modyul para sa Mag-aaral 8.*<br>Santiago, L. (2007). *Mga Panitikan ng Pilipinas*. C & E Publishing Inc. Quezon City.<br>Silang, Gabriela (2015). In V. Almario (Ed.), *Sagisag Kultura* (Vol 1). Manila: National Commission for Culture and the Arts. Retrieved from https://philippineculturaleducation.com.ph/silang-gabriela/<br>Villanueva, V. M. (2018). #*ABKD: Ako Bibo Kase Dapat (Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino*). VMV Publishing House. Makati: Bangkal. |


| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **Unang Araw**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>Ipagawa sa mga mag-aaral ang sumusunod na gawain:<br><br>**SURI-LARAWAN:** Suriin ang nakikita sa pabalat ng komiks. Ilan ang bidang babae? Bidang lalaki? May estereotipo ka bang nakikita? Paano ito maiiwasan? | Ang mga mungkahing gawain ay maaaring gabay o pagpipilian.<br><br>May estereotipo sa kasarian (*gender sterotype)* kung ang kababaihan ay itinuturing na minoriya, mahina, tagaalaga, at taong-bahay lamang.<br><br>May estereotipo rin sa kalalakihan kung ipinapakitang bakla o mahina ang umiiyak na lalaki.. |

A





https://images.summitmedia-digital.com/spotph/images/2021/06/23/gorgcomics-3-1624451338.png

B





https://64.media.tumblr.com/tumblr_lwmx8bugbq1r8jpfto1_1280.jpg

C





https://www.ebay.ph/itm/134225900518



Itanong:
1. Anong mga elementong biswal ang nakikita?
2. Paano nakatulong ang mga biswal na element upang maipahayag ang damdamin ng tauhan sa komiks?

| | | |
|---|---|---|
| | **UGNAY-KONSEPTO**: Ibahagi ang maiuugnay na konsepto sa klase.<br><br>BIYOGRAPIYA + SANAYSAY = BIYOGRAPIKAL na SANAYSAY<br><br>**2. Pidbak (Opsiyonal)** | Ang biyograpikal na sanaysay ay naglalarawan at nagkukuwento tungkol sa buhay ng isang tao. |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Panghikat na Gawain**<br>Gawin ang sumusunod na paraan sa interaktibong talakayan:<br>**SURI-BUHAY:** Ibahagi kung ano ang pagkakapareho ng mga babae sa larawan.<br>    | Melchora Aquino o Tandang Sora ay tumulong sa mga katipunero sa panahon ng digmaan.<br><br>Gregoria de Jesus, asawa ni Andres Bonifacio, ang nag-iingat sa mga dokumento ng Katipunan.<br><br>Francisco Reyes- Aquino ay nagsaliksik ng mga sayaw sa Pilipinas. Itinatag niya ang Philippine Folk Dance Society. |

| | | |
|---|---|---|
| https://ph.pinterest.com/pin/528539706251769346/ | https://upload.wikimedia.org/wikipedia/en/5/54/Gregoria_de_Jes%C3%BAs.jpg | https://kahimyang.com/kauswagan/articles/1641/march-9-1899-francisca-reyes-aquino-was-born-in-lolomboy-bocaue-bulacan |


**BIGAY-DAYALOGO:** Magbigay ng halimbawang dayalogo tungkol sa pagka-Pilipino. Tamang emosyon at pagbigkas ang gamitin depende sa lobo ng usapan o *speech balloon* na pipiliin.



| | |
|---|---|
|  | *speech balloon:* ordinaryong pagsasalita |
|  | *scream balloon*: pasigaw na pagsasalita |
|  | *whisper balloon*: pabulong na pagsasalita |

**2. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**

TUON-TANONG: Sa isang malayang talakayan, pagtulungang sagutan ito.




**3. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**

**BILOG-SALITA:** Bilugan ang sagot na tinutukoy.

1. Alin ang HINDI kabilang sa *social media platform?*

| *facebook* | *twitter* | *youtube* | *Google* |
|---|---|---|---|

2. Alin ang HINDI totoo sa *brochure?*

| may layunin | tupi | teksto | puro larawan |
|---|---|---|---|

3. Alin ang HINDI totoo sa sanaysay?

| mahabang-mahaba | naglalahad | panimulang talata |
|---|---|---|

Ang social media platform ay tinatawag ding online platform kung saan maaaring magbahagi ng impormasyonanang kahit sino.

Sagot:
1. Google
2. puro larawan
3. mahabang-mahaba

**C. Paglinang at Pagpapalalim**

**Ikalawang Araw**
**Kaugnay na Paksa 1: Bayograpikal na Sanaysay ng Isang Tauhan**
**1. Pagproseso ng Pag-unawa**

Ipagawa sa mga mag-aaral ang gawain bago ang pagbabasa ng akda.

**TUON-DUNONG**: Narito ang mga tanong na maaaring pag-isipan tungkol sa paksang pag-aaralan.

| Ano ang bayograpikal na sanaysay at paano ito isusulat? | Ano ang mahahalagang bahagi ng bayograpikal na sanaysay? | Paano ilalapat ang bayograpikal na sanaysay sa tekstong multimodal gaya ng *comic book brochure*? |
|---|---|---|
| | | |
| | | |

**SURI-PILI:** Basahin at piliin ang tinutukoy ng bawat pahayag. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

1. Ano ang tawag sa anyo ng pagsulat na naglalarawan at nagkukuwento ng buhay ng isang tao?
   A. nanghihikayat
   B. sanhi-bunga
   C. bayograpikal
   D. argumentatibo

2. Alin ang dapat tandaan sa pagsulat ng bayograpikal na sanaysay?
   A. Pagsulat ng mga papuri lamang
   B. Pagtukoy ng napakaraming detalye
   C. Pagtutok sa obhektibong pagsusuri
   D. Pagbanggit ng maraming kasabihan

3. Alin sa sumusunod ang pinakawastong paglalarawan ng tekstong multimodal?
   A. Ang tekstong multimodal ay walang imahen.
   B. Ang tekstong multimodal ay maaaring teksto at imahen.
   C. Ang tekstong multimodal ay maaaring tunog lamang
   D. Ang tekstong multimodal ay di maaaring aktuwal o live

Sagot:
1. C
2. C
3. B

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

Sabay-sabay na basahin ang bayograpikal na sanaysay. Pansinin paano inilahad at inilarawan ang buhay ng tauhan.

**Gabriela Silang: Ang Tinig ng Kababaihan**

https://philippineculturaleducation.com.ph/silang-gabriela/




Panimula

Sa maagang yugto ng ika-18 siglo, isang babae ang nanindigan na may taglay na tapang at determinasyon upang labanan ang pang-aapi at pang-aabuso ng mga Kastila sa lupang sinilangan. Si Maria Josefa Gabriela Silang, ang asawa ni Diego Silang, ay naging isang matagumpay na lider. Naging simbolo siya ng katapangan at determinasyon para sa kalayaan ng bayan.

Kabataan/ Pamilya

Ipinanganak noong Marso 19, 1731 sa Pidigan, Ilocos Sur, sa isang pamilyang mayaman at kilala sa komunidad, agad nang ipinakita ni Gabriela ang kanyang kakayahan at katalinuhan. Sa kaniyang kabataan, naging bahagi siya ng mga kilusan para sa edukasyon ng kababaihan, na tumutok sa pagpapaunlad ng kanilang karunungan at kasanayan.

Pagsanib sa Rebolusyon

Ang pang-aapi ng mga Kastila sa kaniyang komunidad ay nagdulot ng pag-alsa at pagsulong ng pagkakaisa para sa kalayaan. Nang paslangin ni Miguel Vicos ang kaniyang asawang si Diego Silang sa utos ng Arsobispong si Bernardo Ustariz, nagbago ang landasin ni Gabriela. Sa kabila ng pagdadalamhati, nagtagumpay siyang itaguyod ang kilusang rebolusyonaryo.

Ang kasaysayan ay nagtala ng kaniyang matapang na pamumuno sa mga labanang militar sa Ilocos na nagdulot ng ilang tagumpay sa laban sa mga Kastila. Ngunit sa isang labanan na mas marami ang Kastilang kalaban kaysa sa kaniyang hukbo, siya ay nahuli at ikinulong ng mga Kastila.

Kamatayan

Sa kaniyang pagkamatay noong Setyembre 20, 1763, ang pangalan ni Gabriela Silang ay nananatiling buhay at nagiging

inspirasyon ng mga Pilipino, lalo na sa mga kababaihan, na nangangarap ng mas makatarungan at malayang pamumuhay.

Sa kaniyang matagumpay na pag-aalay ng sarili, ang Ilokanang si Gabriela Silang ay nananatiling inspirasyon at huwaran para sa mga nagpapatuloy na lumalaban para sa karapatan at kalayaan ng bayan. Ang kaniyang dedikasyon at tapang ay patuloy na magbibigay-inspirasyon sa mga susunod na henerasyon ng mga Pilipino.

**Paggunita at Paggalang**

**Wakas**


**Ikatlong Araw**

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**SULAT-BALANGKAS:** Isulat ang balangkas ng nabasang bayograpikal na sanaysay ni Gabriela Silang.

1. Panimula________________________________________________
2. Kabataan at Pamilya______________________________________
3. Edukasyon at Aktibismo____________________________________
4. Pag-ibig/Pag-aasawa ______________________________________
5. Pagsiklab ng Rebolusyon____________________________________
6. Pagkamatay ni Diego Silang__________________________________
7. Tagumpay at Paghiganti____________________________________
8. Pagkabilanggo at Kamatayan_________________________________
9. Paggunita at Paggalang_____________________________________
10. Pagwawakas_____________________________________________

**SULAT-SANAYSAY:** Sumulat ng isang biyograpikal na sanaysay ng isang tauhan mula sa mga nabasang akda. Gawing gabay ang balangkas.




**TANGGAP-PIDBAK:** Ipabasa sa mga kaklase ang nabuong sanaysay at manghingi ng pidbak tungo sa ikaaayos nito.

Pangalan: ____________________ Petsa:________________

Sumuri: ______________________ Marka: ______________

| Kalakasan | Kahinaan | Komento at Suhestiyon |
|---|---|---|
| | | |
| | | |

**LIPAT-KAALAMAN:** Ilipat ang bayograpikal na sanaysay sa natutunang *comic book brochure.* Balikan ang mga burador na nabuo. Isaalang-alang ang mga konseptong natutunan.

**SALIKSIK-DIGITAL:** Magsaliksik tungkol sa *digital* na pamamaraan sa pagbuo ng *comic book brochure.* Gawing gabay ang patnubay para sa pagbuo ng burador

**TUKOY-PLATFORM:** Pumili ng platform kung saan ibabahagi ang nabuong *comic book brochure.* Ipaliwanag ang napili.

<table>
<tr>
<td>


**B. Paglalahat**

</td>
<td>

**Ikaapat na Araw**

**1. Pabaong Pagkatuto**

Gawing gabay ang konsepto sa pagtalakay at lubos na pagpapahalaga sa natutuhan sa aralin.




</td>
<td>

Sa bagahing ito, maaaring magdagdag pa ang guro ng ilang mga gawain upang mas malinang ang kasanayang dapat matamo ng mag-aaral. Maaari ring baguhin ng guro ang gawain.

</td>
</tr>
<tr>
<td></td>
<td>

**BUO-BAYOGRAPIKO:** Sariwain ang mga hakbang sa pagbuo ng bayograpikong sanaysay. Ipaliwanag ang bawat hakbang.

1. Pumili ng tauhan/paksa
2. •Magbasa at magsaliksik tungkol sa napiling paksa/tauhan
3. •Bumuo ng *timeline*. Gawing organisado ang nakuhang impormasyon.
4. •Sumulat ng panimula
5. Hatiin sa iba't ibang yugto ang sanaysay (pamilya, kabataan, edukasyon at iba pa)
6. •I-haylayt ang malaking kontribusyon ng napiling tauhan
7. •Magsulat ng konklusyon
8. •Mag-edit at magrebisa

</td>
<td>

Hikayatin na malinaw na maipaliwanag ang bawat hakbang.

Mahalagang malagom ang naging pagninilay ng mga mag-aaral batay sa naging karanasan sa buong proseso ng pagtuturo.

</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | **2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br><br>**GABAY-NILAY:** Dugtungan ang mga pahayag batay sa mga paksang natalakay.<br><br>Sa pagtatapos ng Kuwarter 2 sa asignaturang Filipino,<br>Nalaman kong ________________________________________.<br>Naranasan kong ______________________________________.<br>Naramdaman kong ____________________________________.<br>Nagustuhan ko ang ___________________________________. | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>Ipagawa ang panukat sa pagkatuto sa aralin.<br><br>**RUBRIK:** Isaalang-alang ang mga pamantayan upang makakuha ng magandang marka. | Sa bahaging ito ay tatayain ng guro ang natamong kaalaman ng guro. Ang binigay na pasulit ay modelo lamang, maaaring bumuo ng sariling pasulit ang guro o gawain upang masuri ang kaalamang natamo ng kaniyang mga mag-aaral. |

| **Bibigyan ng Tuon** | **Pamantayan sa Pagmamarka** | **1** | **2** | **3** | **4** | **5** |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Pagkukuwento | Kawili-wili at malinaw ang balangkas | | | | | |
| Disenyong Biswal | Angkop at konsistent | | | | | |
| Kasanayang Teknikal | Eksperto sa paggamit ng *digital tools* | | | | | |
| Pagkamalikhain | Nagpakita ng pagkamalikhain at inobasyon | | | | | |
| Dating sa awdyens/ *Impact* | Madaling makakuha ng atensiyon | | | | | |
| Kabuoang Marka | 22-25- Pinakamahusay<br>16-21- Mahusay<br>12-15- Medyo Mahusay | | | | | |

<table>
<tr><td></td><td colspan="3">2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin (Opsiyonal)</td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anumang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin.<br><br>Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging sa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br><br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>____________________<br>____________________<br>____________________</td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | ▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br><br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?*<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________ | |